
# Point VIEWER Publishing

PVN

ISSN : 2704 - 4270 | VOL. VIII | ISSUE NO. 22 | DEC. 29, 2025 - JAN. 04, 2026 | ₱ 15.00


The Word of God





by: Bro. Ernie Acayan


PAHINA 5

# KALINGA FOUNDATION RENEWS LIVES AND HOPE THROUGH CHRISTMAS OUTREACH

3









**DOST Ilocos Region Deepens its Advocacy for a VAW-Free Philippines Through " Orange your Icon" Event** PAGE 2

## TNT pinahiya ang paglalaro ni Tenorio bilang playing coach ng Magnolia 94-83

BASAHIN SA PAHINA 8

## Imbestigasyon sa pagkamatay ni ex-DPWH usec. Cabral, nagpapatuloy —PNP

BASAHIN SA PAHINA 3



## Panukalang 2026 budget, posibleng sa unang linggo na malagdaan ni Pangulong Marcos – Sotto



BASAHIN SA PAHINA 2

## Mga dokumentaryong pelikula ng Bulacan tungkol sa WWII, tampok sa 'Kasaysayan sa MET'

BASAHIN SA PAHINA 3

## Payton Pritchard, nanguna sa panalo ng Celtics kontra Raptors, 112-96



BASAHIN SA PAHINA 8

**Sally Santos, nagsaoli ng 15-milyon piso halaga ng 'restitution' sa DOJ kaugnay sa flood control scandal** P3



## Alex Eala, gumawa ng kasaysayan sa 2025 SEAG kasunod ng kaniyang golden performance

BASAHIN SA PAHINA 8



## Laban ng mga kulelat na team na Kings at Blazers, nauwi sa OT

PAHINA 8



## Clippers, tinalo ang Lakers para sa kanilang 8 game home losing streak

PAHINA 8

## Hepe ng PNP, personal binisita ang sugatang pulis dahil sa engkwentro sa Quezon; nasawing kasamahan, pinarangalan

BASAHIN SA PAHINA 2

**Ginebra binura ang 16-points na kalamangan ng Titan para tuluyang makapasok sa quarterfinals 108-105** PAGE 8

# DOST Region 02 Upskills S&T Pen Videography to Boost Scicomm

The workshop was held from December 11-12, 2025, at NGN Hotel focused on elevating the quality and consistency of visual outputs used in field documentation, project reporting, and public information materials, emphasizing the growing role of videography in evidence-based science communication.

Participants took part in the session facilitated by videography resource speaker Sir John Lewie Reyes, an Information Officer from the Cagayan State University (CSU) who discussed the fundamental elements of videography, including framing, camera angles, shot types, camera movement, and visual continuity.

Reyes emphasized that videography plays a critical role in science communication by effectively capturing processes, transformations, and sequences that static images alone cannot fully convey, particularly in documenting scientific interventions and community-based projects.

He also highlighted ethical considerations in filming activities and community beneficiaries, stressing the importance of accuracy, consent, and proper representation in science, technology, and innovation (STI) documentation.A storyboarding session guided participants in structuring their visual narratives prior to filming. Participants identified key messages, organized sequences, selected appropriate angles, and developed shot lists for their planned videos.

This was followed by an editing workshop where participants assembled video clips, refined pacing, and incorporated narration and graphics to enhance clarity and narrative cohesion.

As the culminating activity, participants were grouped into four teams, each tasked to produce a two- to three-minute video in different genres, incorporating the videography fundamentals discussed during the workshop. The final outputs demonstrated improved application of framing, sequencing, storytelling, and ethical documentation.

The groups presented their videos, showcasing enhanced competencies in visual sequencing, explanation, and narrative flow.

The workshop forms part of DOST Region 02's ongoing efforts to standardize documentation practices and strengthen visual storytelling for programs such as SETUP, CEST, Smart and Sustainable Communities, and other STI initiatives.




**The Department of Science and Technology (DOST) Region 02 strengthened its science communication initiatives as it conducted Science That Sees: A Workshop on Videography for SciTech Storytelling.**

# DOST Ilocos Region Deepens its Advocacy for a VAW-Free Philippines Through " Orange your Icon" Event

Moving the region closer to a truly VAW-free community, the Department of Science and Technology Ilocos Region (DOST Ilocos Region) once again showed its strong and continued support for the nationwide advocacy to End Violence Against Women (VAW) as it joined the Department of Tourism Region 1 for this year's "Orange Your Icon" activity under the 18-Day Campaign to End VAW. Held at the Tomb of the Unknown Soldier in Barangay Madayegdeg, City of San Fernando, La Union, the gathering brought together regional agencies and community leaders united by one message 'every woman deserves safety, respect, and a life free from violence.'

Under the leadership of Regional Director Teresita A. Tabaog, who also serves as Chairperson of the Regional Gender and Development Committee (RGADC) Region 1, DOST Ilocos Region continues to push forward programs and initiatives that empower and protect women and children. Her guidance reflects the Department's belief that building safer communities goes hand in hand with promoting science, technology, and innovation.

During the activity, DOST Ilocos Region participated in the Bougainvillea Planting—a simple yet powerful symbol of resilience, hope, and the shared vision for a violence-free community. The event also featured the lighting of orange icons around the monument, serving as a reminder that awareness and collective action are essential in ending gender-based violence.

Assistant Regional Director Raquel M. Espiritu, who represented Dr. Tabaog, delivered the Department's message of support. She emphasized that the 18-Day Campaign is not just a yearly observance but a year-round, day-to-day commitment that everyone must take part in. She shared that DOST Ilocos Region remains dedicated to promoting safety, equality, and empowerment—values that continue to guide the Department in its community engagements and advocacy efforts.

Through consistent action, strong partnerships, and genuine compassion, DOST Ilocos Region stands firm in helping build a Region 1 where women and children are empowered. **(Aryan Joy M. Soliman )**









# Hepe ng PNP, personal binisita ang sugatang pulis dahil sa engkwentro sa Quezon; nasawing kasamahan, pinarangalan

Personal na nagtungo ang kasalukuyang hepe ng Pambansang Pulisya na si Acting Philippine National Police PLTGEN Jose Melencio Nartatez Jr. sa isang ospital sa Candelaria, Quezon para bisitahin ang sugatang pulis.

Kanyang dinalaw upang kumustahin ang pulis na sugatan buhat nang makaharap sa engkuwentro ang ilang armadong indibidwal habang nagpapatrolya.

Naganap ang engkuwentro sa Barangay Road kalapit ng Sitio Pulyok sa Barangay San Isidro, Candelaria, Quezon kung saan isa sa mga suspek ay nagpaputok ng baril.



Dalawa sa mga pulis ang sugatan nang kanilang ipagtanggol mga sarili habang isa naman ay nasawi sa insidente.

Dahil rito'y personal na binisita ng hepe ng Pambansang Pulisya ang mga pulis sa ospital at ginawaran ng Medalya ng Sugatang Magiting at Medalya ng Kadalikalaan bilang pagkilala sa ipinamalas sa trabaho at tungkulin.

Tiniyak rin na agad silang mabibigyan ng tulong-pinansyal para makatulong sa kanilang gamutan at pagpapagaling.

Habang nagbigay ng huling paggalang naman ang naturang opisyal kay Patrolman Ron Jay Chavez ng 2nd Quezon Provincial Mobile Force Company, na idineklarang dead on arrival matapos ang engkuwentro.

# Panukalang 2026 budget, posibleng sa unang linggo na malagdaan ni Pangulong Marcos – Sotto

Posibleng sa unang linggo na ng Enero mapirmahan ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang panukalang 2026 national budget na nagkakahalaga ng ₱6.793 trilyon.Ayon kay Senate President Vicente Sotto III, kung sisimulan at matatapos ng Malacañang ang pagrepaso sa enrolled budget mula ngayon hanggang sa mga huling araw ng Disyembre, posible ang pirmahan bago magtapos ang taon. Gayunman, aminado siyang may pagdududa siya rito.Sinabi ng liderato ng Senado na kahit magkaroon ng ilang araw na reenacted budget, wala itong masamang implikasyon.Aniya, ilang araw o kahit isang linggong reenactment ay hindi problema, lalo't sa mga nagdaang taon ay umabot pa sa tatlong buwan ang reenacted budget.Paliwanag ni Sotto, kahit hindi pa mismong ang Pangulo ang nagre-review, sinimulan na umano ng Office of the President ang pagsusuri sa panukalang budget habang tinatalakay pa ito sa bicameral conference committee.Matapos aniya ang bicam deliberations, kasalukuyan nang iniimprenta ang enrolled bill at malamang ay nasusubaybayan na ng Malacañang ang mga napagkasunduan ng Kongreso.Aminado rin si Sotto na hindi kakayanin ngayong araw ang ratipikasyon ng budget dahil hindi siya papayag na summary lamang ang iraratipika ng Senado.Una nang inamin ni Senate Committee on Finance Chairman Senador Win Gatchalian na ang posibleng balakid ay ang pagkakaroon ng quorum sa oras ng ratipikasyon, lalo't may ilang mambabatas na maaaring naka-bakasyon na.Binigyang-diin ni Gatchalian na mahalaga angpresensya ng sapat na bilang ng mga mambabatas upang tuluyang maaprubahan ang panukalang pambansang badyet

Point VIEWER Publishing

LEMUEL D. JUNIO
Publisher

DARYL JETT M. ALVAREZ
Editor-in-Chief

CHRISTIAN V. MANGAHAS
Business Manager

DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

papi
Publishers Association of the Philippines, Inc.

DISCLAIMER

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.

INFORMATION

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

ADVERTISING RATE

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter

# Kalinga Foundation Renews Lives and Hope Through Christmas Outreach

A non-profit, faith-based organization in the Philippines, the Arnold Janssen Kalinga Foundation provides holistic and dignified care aimed not only at survival but at rebuilding lives. Its integrated programs focus on three core phases: food and hygiene, education through the Alternative Learning System (ALS), and livelihood and employment. Anchored on the belief that poverty is a matter of justice and human dignity, the foundation empowers individuals through nourishment, education, hygiene, and livelihood, helping restore their self-image, self-respect, and self-worth.

In line with this mission, Ms. Tapay spearheaded a Christmas event specially designed for the poor, reaching 450 beneficiaries as the holiday season approached. She shared that for her, the true meaning of Christmas is the "unconditional love of Christ," a love that must be shown through action rather than words alone. She emphasized that while expressions of love are easily spoken, they often fall short when it comes to concrete action, underscoring the need for genuine and selfless service.

One of the most meaningful highlights of the activity was the presence of former Kalinga beneficiaries who have since graduated from the program and returned to serve the foundation. These individuals shared their personal stories of transformation on how Kalinga helped them rebuild their lives and regain dignity. Their return served as a living testament to the foundation's impact, inspiring current beneficiaries who are now experiencing Kalinga's support through food, shelter, education, and livelihood opportunities, including ALS classes.

The Christmas outreach also reflected how Ms. Tapay extends kalinga,care and compassion not only to the foundation's beneficiaries but also to her own employees. As an employer, she nurtures a culture of service that naturally flows outward. Together with her team, the activity was carried out not for recognition or publicity, but as an expression of faith and responsibility. According to Tapay, service becomes contagious when it is rooted in sincerity: "If you truly have the heart to serve, the people around you will do the same."Believing that Christmas is truly for the poor, Ms. Tapay chose not to wait for others to initiate similar efforts. Instead, she led the activity herself, reflecting the foundation's commitment to making God's love visible through concrete actions not merely through spoken words.Beyond the Christmas event, Ms. Tapay actively organizes year-round initiatives that cater to various sectors. Among these is the recently conducted Hospital on Wheels, a mobile medical mission that brought much-needed healthcare services to individuals requiring medical attention. These sustained efforts reinforce her commitment to the Arnold Janssen Kalinga Foundation's vision of holistic care and long-term transformation.Through initiatives like this Christmas outreach, the Arnold Janssen Kalinga Foundation and Ms. Anna Donita S. Tapay continue to demonstrate that faith, when translated into action, can restore dignity, rebuild lives, and bring hope especially to those who need it most.



**The Arnold Janssen Kalinga (Kain-Aral-Ligo-NG-Ayos) Foundation continues to live out its mission of restoring dignity and hope among homeless persons, the poor, and other marginalized sectors through a special Christmas outreach activity organized this year by Ms. Anna Donita S. Tapay, a long-time advocate and active partner of the foundation.**



## Imbestigasyon sa pagkamatay ni ex-DPWH usec. Cabral, nagpapatuloy —PNP

Sinabi ng Philippine National Police (PNP) na bagama't may ilang ebidensiyang nagpapahiwatig ng posibleng pagpapatiwakal, hindi pa ito tiyak habang patuloy ang kanilang imbestigasyon sa pagkamatay ni dating Department of Public Works and Highways (DPWH) undersecretary Maria Catalina Cabral.

Ayon kay acting PNP chief P/Lt. Gen. Melencio Nartatez Jr., kailangan pang kumpletuhin ng mga imbestigador ang pagsusuri sa lahat ng ebidensya, pahayag, at kuha ng mga video bago makapaglabas ng pinal na konklusyon.

Magugunitang natagpuan si Cabral na walang malay sa Benguet noong Disyembre 18 at idineklarang patay kinabukasan. Sinabi naman ni Interior Secretary Jonvic Remulla na batay sa mga paunang resulta, wala umanong indikasyon ng foul play, at ang autopsy umano ay tumutugma sa natamong mga sugat ni Cabral mula sa isang malakas na impact ng pagkalaglag.

Kung maalala una nang nag-bitiw si Cabral sa DPWH noong Setyembre matapos madawit sa mga imbestigasyon ng Kongreso kaugnay ng umano'y anomalya sa ilang flood control projects.



## BRP Emilio Jacinto nagpapatrolya at nag-test fire sa Zambales

Isinagawa ng BRP Emilio Jacinto (PS-35) ang maritime patrol sa paligid ng Los Frailes Island, Zambales at matagumpay na na-test fire ang 76mm main gun noong Disyembre 18, ayon sa Ph Navy.Nakatalaga ang PS-35 sa Northern Luzon Naval Command sa Poro Point, La Union. Ayon sa PN, pinanatili ng barko ang mataas na maritime domain awareness, minomonitor ang galaw ng mga sasakyang pandagat, at nagsasagawa ng presence operations sa mga delikadong lugar sa West Philippine Sea.Sinabi rin ng PN na ang test firing ay para tiyakin ang operability at kasanayan sa paggamit ng armas.Samantala, sa Western Naval Command sa Palawan, isinagawa ang welcoming ceremony para sa outgoing security personnel mula sa Lawak at Patag Islands, bilang pagtatapos ng matagumpay na rotation at resupply mission.

## Ilang mambabatas , nagpaabot ng pakikiramay sa yumaong si Antipolo 2nd District Representative Romeo Acop

Nagpahayag ng pagdadalamhati ang House Young Guns bloc sa pagpanaw ni Antipolo 2nd District Representative Romeo Acop.

Ayon kina Deputy Speakers Paolo Ortega at Jay Khonghun, at Reps. Zia Alonto Adiong, Ernix Dionisio, at Rodge Gutierrez, itinuring nilang ama si Acop, na gumabay sa kanila simula ika-19 na Kongreso.Hinangaan nila si Acop bilang huwarang mambabatas at isang karangalang makatrabaho.Bilang co-chair ng House Quad Committee, nag-iwan siya ng pamana ng katotohanan at pananagutan.

Ayon kay Adiong, si Acop ay isang statesman na nag-alay ng buhay sa paglilingkod, batay sa disiplina, integridad, at paninindigan sa batas.Itinuro niya ang tamang paggawa ng batas, pananagutan, at maayos na pagtatanong sa mga pagdinig.

Nagpaabot din ng pakikiramay si House Public Accounts Committee Chair Terry Ridon, at sinabing ipagpapatuloy ng Quad Committee ang laban ni Acop sa katiwalian, papanagutin ang lahat ng sangkot, at itutuloy ang makabuluhang pagbabago sa pagpapatupad ng batas at maayos na pamamahala.

Inalala rin ni Deputy Minority Leader Rep. Leila de Lima si Acop bilang matatag na imbestigador sa mga sensitibong isyu tulad ng POGO, war on drugs, fake news, at korapsyon.




## Sally Santos, nagsaoli ng 15-milyon piso halaga ng 'restitution' sa DOJ kaugnay sa flood control scandal

Nagsaoli ng milyun-milyon halaga ng pera ang kontratistang si Sally Santos sa Department of Justice ngayong araw.

Ito mismo ang kinumpirma ni Justice Spokesperson Atty. Polo Martinez matapos dumating sa kagawaran ang ilang armored vehicles bitbit ang naturang restitution money.

Aniya'y higit kumulang 15-milyon piso ang isinaoli ni Sally Santos bilang bahagi ng 'restitution' sa ilalim ng kasunduan sa pagitan ng Department of Justice.

Isa kasi ang pagsasaoli ng nakaw na yaman sa mga panuntunan ng kagawaran para mailagay sa 'witness protection program' sa nagpapatuloy na imbestigasyon sa flood control anomaly.

Si Sally Santos ay ang siyang may-ari ng kumpanyang SYMS Construction na kasalukuyang nahaharap at sinasabing sangkot sa maanomalyang mga proyekto.

Bukod sa kanya, magugunitang nag-saoli din ng kinita o nakuhang pera mula anomalya sina former Department of Public Works and Highways officials Henry Alcantara at Gerard Opulencia.

Sumatotal, aabot na sa 236-milyon piso ang ibinalik sa kagawaran ng mga sangkot batay sa mga isinapubliko nilang impormasyon.

## Mga dokumentaryong pelikula ng Bulacan tungkol sa WWII, tampok sa 'Kasaysayan sa MET'

**LUNGSOD NG MALOLOS — Bilang paggunita sa ika-80 anibersaryo ng paglaya ng Pilipinas mula sa pananakop ng mga Hapones, itinampok noong Disyembre 9 sa Ermita, Maynila ang mga dokumentaryong pelikula mula sa SINEliksik Bulacan Docu Fest sa "Kasaysayan sa MET" ng National Historical Commission of the Philippines (NHCP) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA), isang programa na may layuning itanghal ang iba't ibang anyo ng sining sa Manila Metropolitan Theater.**



Nagbigay-diin ang mga dokumentaryong pelikulang nagawa noong 2023 para sa ika-5 SINEliksik Bulacan DocuFest sa mga kuwento ng pakikibaka, sakripisyo, at kabayanihan ng mga beterano ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa ilalim ng temang "Pagsubok at Pagtindig Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig."

Sa kaniyang mensahe, hinikayat ni May Arlene DG. Torres, nanunungkulang puno ng Provincial History, Arts, Culture and Tourism Office (PHACTO), ang mga manonood na manatiling matatag sa pagharap sa mga hamong kinakaharap ng mga Pilipino sa kasalukuyan.

"Tapos na po ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at wala na ang mga dayuhang mananakop, ngunit may bago tayong kinakaharap na mga hamon at pakikibaka sa ating lipunan. Sa gitna ng mga pagsubok na ito, ang panawagan ay malinaw: tumindig tayo bilang mga makabagong bayani ng ating panahon," ani Torres.Samantala, sinabi ni NCCA Chairman Victorino Mapa Manalo na ang mga pelikulang itinanghal sa MET ay hindi lamang anyo ng sining, kundi mahalagang piraso ng ambag sa paghubog ng kinabukasan ng bansa.

"Ang bawat pelikulang inyong napanood ay hindi lamang obra; ito ay ambag sa patuloy na paghubog ng isang bansang may malalim na pagpapahalaga sa katotohanan at kasaysayan," aniya.

Itinampok sa programa ang lahat ng 21 lahok mula sa ikalimang edisyon ng paligsahang pampelikula sa buong lalawigan mula sa junior at senior categories, kabilang dito ang Bahawin: Lunas sa Gitna ng Giyera, Ciento Dos, Dapit Hapon: PISARA, Doyen, Impiong, Pionio: Beteranong Sundalong Doktor, Manong (Hen. Alejo Santos: Pagtakas sa Bataan at Paglaya ng Bulacan), Alaala ni Lolo Pimong, Ang Mamatay Nang Dahil Sa 'Yo, Bulihan: Mga Kwento ng Labanan at Kabayanihan, DuHaWis (Gerilya: Dugong Bayani), Gunita ng Dapit Hapon, Henyo, Kunan, March of Death (Nicanor "Bapa" R. Songco Sr.: Minsan sa Isang Kasaysayan), Mga Bulaklak ng Nakaraan, Padoc, Panaghoy ng Isang Gerilya, Panaghoy: Mga Piping Sigaw sa Bahay na Pula, Sa Dagat at Bundok, at Sa Dulo ng Bayoneta.

Bukod dito, pinuri din ni Manalo ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan sa pamamagitan ng PHACTO para sa mga inisyatiba at programa nito na patuloy na nagtataguyod at nagpapalawak ng kultura at sining sa lalawigan.

"Actually, very impressed ako sa mga [nakita kong poster] ng mga pelikula. At every impressed ako lalo na ito ay isang project ng Provincial Government ng Bulacan. Talagang [sumasaludo] ako sa inyo sa gawain na ito. Napakaganda nitong project na ito," dagdag niya.

## Pagkalat ng germs ngayong holiday season, ibinabala ng DOH

Patuloy na pinaaalalahanan ng Department of Health (DOH) ang publiko hinggil sa kahalagahan ng regular na paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig, o kaya naman ay ang paggamit ng alcohol-based hand sanitizer, lalo na sa panahon ng holiday rush ngayong Kapaskuhan.

Sa patuloy na pagdagsa ng mga tao sa mga pamilihan at iba pang lugar bilang paghahanda sa Pasko, nagbabala ang DOH na mas tumataas ang posibilidad ng pagkalat ng mga germs, bacteria, at iba pang mikrobyo na maaaring magdulot ng sakit.

Kaya naman, mahigpit na nananawagan ang kagawaran sa lahat na ugaliin ang tamang paraan ng paghuhugas ng kamay.

Ito ay upang epektibong makaiwas sa iba't ibang uri ng karamdaman at upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng buong pamilya sa panahon ng holiday season.

Bilang pagsuporta sa kalusugan ng publiko, ang DOH ay tuloy-tuloy sa pagbibigay ng iba't ibang paalala, impormasyon, at payo.

Layunin ng ahensya na palawakin ang kaalaman ng publiko hinggil sa mga tamang pag-iingat na dapat gawin upang manatiling malusog at ligtas ngayong holiday season.

Sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan at pagsunod sa mga simpleng panuntunan sa kalusugan, masisiguro natin ang isang masaya at malusog na Pasko para sa lahat.

## Paggamit ng AI, ikinababahala ng ilang security officials sa bansa

Inihayag ng ilang Philippine security officials ang kanilang pag-aalala sa maling paggamit ng artificial intelligence (AI) para sa terorismo, na itinuturing na isang "emerging trend."

Kaugnay nito, isinusulong nila ang pagkakaroon ng limitasyon para sa mga menor de edad sa paggamit ng digital platforms upang mapigilan ang marahas na radikalisasyon.

Sa isang press conference, sinabi ni Anti-Terrorism Council (ATC) Executive Director Undersecretary Bernardo Florece Jr. na ginagamit na umano ang AI ng mga extremist groups upang mag-recruit ng mga kabataan.

"This is a new and emerging trend," ani Florece.

Binanggit din ni Florece ang naging hakbang ng Australia na ipagbawal sa mga menor de edad, hanggang edad 16 o 17, ang paggamit ng ilang social media platforms.

Patuloy naman ang pakikipag-ugnayan ni National Intelligence Coordinating Agency (NICA) Director General Ricardo De Leon at ng security cluster sa lehislatura upang maipasa ang Philippine version ng nasabing batas.

## Staff, encoders ni Cabral, dapat protektahan na ng pamahalaan — Rep. Leviste

Umapela si Batangas 1st District Rep. Leandro Leviste sa pamahalaan na protektahan na ang mga naging kasamahan ni dating Department of Public Works and Highways undersecretary Maria Catalina Cabral.

Naniniwala si Leviste na malawak din ang kaalaman ng kaniyang mga naging staff, kasunod ng maraming files na ipinasakamay sa kaniya ng namayapang opsiyal.

Kabilang sa mga tinukoy ni Leviste ang mga encoder o nagsulat sa mga file na hawak ni Cabral. Kasama rito ang iba pang staff ni Cabral na may kaalaman sa nilalaman ng mga nabanggit na file.

Tinukoy din ni Leviste si DPWH Assistant Secretary for Planning, Public-Private Partnership, and Legislative Liaison Office Alex Bote sa mga dapat mabigyan agad ng proteksyon mula sa pamahalaan.

Si Bote, ayon sa mambabatas, ay ang nagtakda at nag-ayos sa kaniyang pakikipagpulong noon kay Cabral, ilang buwan na ang nakakalipas.

Naniniwala si Leviste na hanggang ngayon ay may kopya pa rin ang dating opisina ni Cabral sa mga file na ipinasakamay sa kaniya.

Samantala, maliban sa mga written document ay mayroon ding video atbpang uri ng digital file sa mga ipinasakamay ng namayapang undersecretary.

Nakapaloob dito ang listahan ng lahat ng mga public infrastructure project sa buong bansa, lokasyon, proponents, pondo, atbpang mahahalagang impormasyon.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
PASIG CITY

OFFICE OF THE EXECUTIVE JUDGE
rtc1pas154@judiciary.gov.ph

APPLICATION NO. 052 (2026-2027)
IN RE PETITION FOR NOTARIAL COMMISSION

**PAULINE T. TURIANO**
Petitioner.
x-------------------------------------x

### NOTICE OF HEARING

Notice is hereby given that a summary hearing on the petition for commission as Notary Public of Atty. PAULINE T. TURIANO for and in the City of Pasig and Municipality of Pateros, Metro Manila shall be held on January 5, 2026 at Branch 154, 4th Floor, Hall of Justice, Regional Trial Court, City Hall Compound, Caruncho Avenue, Pasig City at 1:00 o'clock in the afternoon. Any person who has any cause or reason to object to the grant of the petition may file a verified written opposition thereto, received by the undersigned before the date of the summary hearing.

Pasig City, December 22, 2025.

**(SIGNED)**
**ACHILLES ARISTOTLE APOLINARIO C. BULAUITAN**
Executive Judge

NOTE: IN THE EVENT THAT THE DATE OF HEARING DOES NOT TAKE PLACE ON SAID DATE IT SHALL BE HELD ON JANUARY 12, 2026 AT THE SAME TIME AND PLACE WITHOUT FURTHER NOTICE.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Date: December 29, 2025**

## PPA, nanawagan para sa karagdagang barko kaugnay ng paglobo ng passenger volume

Pinangunahan ni Philippine Ports Authority (PPA) General Manager Jay Santiago ang inspeksyon sa Batangas Port ngayong araw upang matiyak ang kahandaan ng mga pasilidad at operasyon, gayundin ang seguridad ng mga pasahero sa lahat ng pantalan sa bansa ngayong holiday season.

Nagkaroon ng media conference kung saan sinabi ni Santiago na ang pangunahing problema ay ang kakulangan ng mga barko.

Bagaman mayroong online ticketing, maaari pa ring maging problema ang kakulangan ng barkong masasakyan ng mga pasaherong may tiket na.

Ayon sa kanyang pahayag, noong mga nakaraang taon, ang pinakamataas na passenger volume sa Batangas Port ay nasa 21,000 lamang. Ngunit kahapon ay umabot na ito sa mahigit 30,000, na nangangahulugang mayroong 50% pagtaas sa passenger volume. Dahil dito, kailangan umanong makatugon ang domestic shipping industry sa pamamagitan ng pagdagdag ng mga barko.

Hinihiling ni Santiago sa mga shipping lines at sa Maritime Industry Authority (MARINA) na magdagdag pa ng mga barko, hindi lamang sa Batangas kundi sa iba't ibang pantalan sa buong Pilipinas.

Panawagan din ni Santiago sa mga biyahero na habaan ang kanilang pasensya, at tiniyak ng PPA na gagawin ang lahat upang maging komportable ang kanilang paghihintay ng mga barko para makarating sila sa kanilang destinasyon ngayong kapaskuhan.

Sinabihan din ni Santiago ang pamunuan ng Batangas Port na siguraduhin ang maayos na air-conditioning, sapat na charging stations, malakas na internet, libreng water refilling stations, at malinis na mga palikuran.



Republic of the Philippines
**REGIONAL TRIAL COURT**
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
City of Makati
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT AND EX-OFFICIO SHERIFF**
email add: rtc1makocc@judiciary.gov.ph
tel. no. 8870-1575/8870-2413

Foreclosure No. S-25-142

BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS
(SUCCESSOR-IN-INTEREST OF
BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.),
Petitioner-Mortgagee,

EXTRAJUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135 AS AMENDED BY ACT 4118 R.A. 4726 (Condominium Act)

-versus-

JOSEPH CAPUCHINO CAMACHO
A.K.A. JOSEPH C. CAMACHO
Respondents-Mortgagors-Barrowers.
x-----------------------------------x

### NOTICE OF SHERIFF'S SALE

Upon extrajudicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by mortgagee, BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS (SUCCESSOR-IN-INTEREST OF BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.), against mortgagor/s/, respondent/s/, debtor/s, borrower/s, JOSEPH CAPUCHINO CAMACHO A.K.A. JOSEPH C. CAMACHO, of #608-B Centro Extn Bustillos St., Sampaloc, Manila / Unit 322 3/F Tower 2, Avida Towers Asten, Malugay and Yakal St., San Antonio, Makati City / Phase 3/F Blk. 39-A Lot 18, Kaunlaran Village, Caloocan City to satisfy the mortgage indebtedness which as of OCTOBER 27, 2025 amounts to P2,028,696.50 in/excluding, penalties, charges, attorney's fees and expenses of foreclosure, the undersigned or her duly authorized deputy will sell at public auction on **APRIL 16, 2026** at 10:00 A.M. or soon thereafter at the Main Entrance the New City Hall of Makati, to the highest bidder for cash or manager's check and in Philippine currency, the following described property/ies with all its improvements, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 006-2022012257**

UNIT CALLOUT 322 LOCATED ON THE 3RD FLOOR; UNIT TYPE – STUDIO WITH A UNIT AREA OF 22.40 SQM.; BALCONY AREA OF 4.80 SQM OR A TOTAL AREA OF 27.20 SQM. OF THE "AVIDA TOWERS ASTEN" (TOWER 2).

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **APRIL 30, 2026** without further notice.

Interested parties are hereby enjoined to investigate for themselves the title and condition of the said property/ies and the encumbrances thereon.

City of Makati, **December 19, 2025**.

**(SIGNED)**
**RITCHIE D. EMPEO**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**ATTY. FRANCES JULIENE MARIE A. BUENDIA**
Officer-In-Charge
per Office Order dated August 22, 2025

Copy furnished:

**Joseph C. Camacho** - #608-B Centro Extn Bustillos St., Sampaloc, Manila / Unit 322 3/F Tower 2, Avida Towers Asten, Malugay and Yakal St., San Antonio, Makati City / Phase 3/F Blk. 39-A Lot 18, Kaunlaran Village, Caloocan City

**Atty. Anna Bettina H. Andaya** – 27/F BPI Buendia Center Bldg. 372 Sen. Gil Puyat Ave., Brgy. Bel Air, Makati City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: December 22, 29, 2025 & January 05, 2025**

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**REGIONAL TRIAL COURT**
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
**OFFICE OF THE EX-OFFICIO SHERIFF**
QUEZON CITY
rtc1qznocc@judiciary.gov.ph
09155083986 / (02) 89243843

**METROPOLITAN BANK & TRUST COMPANY ("METROBANK"),**
Mortgagee,

-versus-

FRE NO. 16084

**SPOUSES GERALDINE V. GUBALLA and ELISEO G. GUBALLA JR.,**
Respondents-Mortgagors,
x-----------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE OF REAL PROPERTY UNDER ACT 3135 (AS AMENDED)

UPON extra-judicial petition under ACT 3135, as amended by ACT 4118 and pursuant to the terms of the Promissory Note with Real Estate Mortgage executed on **August 28, 2014** by **Geraldine V. Guballa** for herself and as Attorney-in-Fact of **Eliseo G. Guballa Jr., Mortgagor/s** with postal address/es at **Unit 5 No. 77 Rockville Avenue, Rockville Residences, Rockville 1 Subdivision, Brgy. Bagbag, Quezon City; and 117 Angela Ave., Dona Faustina Subd., San Bartolome, Novaliches, Quezon City,** in favor of **Metropolitan Bank & Trust Company (Metrobank), Mortgagee/s,** to satisfy the mortgage debt in the amount of **PhP 2,773,740.55** as of **October 30, 2025,** inclusive of principal, interest, penalty and other charges, together with all the lawful fees and expenses of foreclosure sale, the Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Quezon City and/or his duly authorized deputy Sheriff, hereby announces that on **February 12, 2026** between the hours of 9:00 A.M. to 4:00 P.M. at the office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff, Regional Trial Court, Hall of Justice Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City, will sell thru public auction to the highest bidder and for cash, in Philippine currency, the following described real property/ies with all the improvements, to wit;

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 004-2014008052**
**REGISTRY OF DEEDS, QUEZON CITY**

A PARCEL OF LAND (LOT 5 OF THE CONSOLIDATION SUBDIVISION PLAN (LRA) PCS-38493 APPROVED AS A NON-SUBDIVISION PROJECT, BEING A PORTION OF THE CONSOLIDATION OF LOTS 729-A-3-B-1-A TO F, PSD-007404-030131-D (CLR) REC. NO. 5975, SITUATED IN THE BARRIO OF BAGBAG, CITY OF QUEZON CITY, PROVINCE OF METRO MANILA, ISLAND OF LUZON. BOUNDED ON THE NE., AT POINTS 1 TO 3 BY LOT 773, PIEDAD ESTATE; ON THE SE., AT POINTS 3 TO 4 BY LOT 6 OF THE SUBDIVISION PLAN; ON THE SW., AT POINTS 4 TO 5 BY LOT 14 (ROAD) OF THE SUBDIVISION PLAN; ON THE NW., AT POINTS 5 TO 1 BY LOT 4 OF THE SUBDIVISION PLAN. CONTAINING AN AREA OF SEVENTY NINE SQUARE METERS

All sealed bids must be submitted to the undersigned at the aforesaid office on the above stated date and time.

Interested parties are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and the encumbrances thereon, if any there be.

In the event that public auction should not take place on the scheduled date due to fortuitous event or if the same be declared a non-working holiday or for any other lawful/valid reasons, it shall be held on **February 19, 2026** at the same time and place without further notice.

Quezon City, Metro-Manila, **November 25, 2025.**

**(SIGNED)**
**JOMER M. URQUICO**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**GREGORIO C. TALLUD**
Clerk of Court VII &
Ex-Officio Sheriff

**WARNING:**

It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Extra-Judicial Sale of Real Property on or before the date of the auction sale under penalty of the law.

Copy furnished:

**SPOUSES GERALDINE V. GUBALLA and ELISEO G. GUBALLA JR.,**
Unit 5 No. 77 Rockville Avenue, Rockville Residences, Rockville 1 Subdivision, Brgy. Bagbag, Quezon City;

and

117 Angela Ave., Dona Faustina Subd., San Bartolome, Novaliches, Quezon City

**J.A.P. GIMENEZ LAW OFFICE**
**(Metropolitan Bank & Trust Company)**
Suite 2311, Cityland 10 Tower 2
154 H.V. Dela Costa Street
Salcedo Village, Makati City 1227

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: December 15, 22 & 29, 2025**

# Korte Suprema, pinagtibay 'murder conviction' sa mga pulis pumaslang kay Kian delos Santos sa Caloocan noong 2017

Pinagtibay ng Kataas-taasang Hukuman ang hatol o 'conviction' sa tatlong pulis na pumaslang kay Kian delos Santos sa isinagawang anti-drug operation noong 2017 sa Caloocan City.

Sa desisyon isinulat ni Associate Justice Jhosep Y. Lopez, nakasaad rito napatunayang may sala sa kasong murder ang tatlong pulis na sina Arnel Oares, Jeremias Pereda, at Jerwin Cruz.

Sila'y nahatulan ng parusang 'reclusion perpetua' o pagkakakulong na aabot sa 40 taon kasabay ng kabayaran P275-libo danyos sa pamilya ng biktima.Batay sa impormasyon, gabi noong ika-16 ng Agosto, 2017, nang makita ng mga testigo ang mga pulis na huminto at kinakapan si Kian delos Santos.

Matapos ang umano'y pinagsususpetyahan na may ilegal na droga, ang mga pulis ay sinuntok ang biktima hanggang sa ito'y umiyak at magmakaawa na makauwi na lamang.

Ayon sa mga testigo'y pinilit si Kian humawak ng tuwalya na mistulang baril bago dalhin sa madilim na lugar malapit sa ilog.Ilang saglit pa'y pinutukan ng baril si Kian nang maraming beses nina Oares at Pereda habang si Cruz nama'y tagabantay.

Sinampahan ng kaso ang naturang mga pulis ngunit iginiit na sila'y rumesponde lamang sa ilegal na aktibidad may koneksyon sa droga at kanilang panig pa ang unang pintukan ng baril kung kaya't lumaban pabalik.Ang sinasabing ito sa panig ng depensa ay ibinasura ng Korte Suprema bagkus pinagtibay ang hatol o 'conviction' ng Regional Trial Court at Court of Appeals kontra mga sangkot na pulis.

# Mga Paputok sa Bocaue, legal ngunit mahigpit na binabantayan —PNP

Nilinaw ni acting PNP chief Lt. Gen. Jose Melencio Nartatez Jr. na legal ang mga paputok sa Bocaue, Bulacan, ngunit mahigpit na binabantayan alinsunod sa Republic Act 7183.Layunin nitong mabawasan ang aksidente, pinsala sa ari-arian, at pagkawala ng buhay tuwing Kapaskuhan at Bagong Taon. Ginawa ng opisyal ang naturang pahayag matapos magsagawa ng ocular inspections ang mga awtoridad sa mga fireworks establishment sa Bocaue, Bulacan na kilala rin bilang "fireworks capital."

Ayon kay Bulacan Governor Daniel Fernando, lubos na ipinagmamalak ng Bocaue ang industriya ng mga paputok, ngunit nananatiling prayoridad parin aniya nito ang kaligtasan ng publiko.

Bukod sa mahigpit na regulasyon, nagsusulong ang



pamahalaang panlalawigan ng Bulacan ng mga hakbang upang palakasin at panatilihin ang industriya ng paputok. Kabilang dito ang pagpapadali ng compliance para sa mga lehitimong negosyo, pagsasagawa ng Fireworks Summit, at pakikipagtulungan sa iba't ibang ahensya ng gobyerno. Binigyang-diin ni Fernando ang planong pagbuo ng kooperatiba para sa maliliit na manufacturers, upang mapadali ang access sa puhunan, suporta ng gobyerno, at mas ligtas na produksyon.

Upang labanan ang ilegal na paggawa at bentahan ng paputok online, pinalalakas din ng mga awtoridad ang intelligence-based enforcement, pagmamanman sa mga lisensiyadong chemical dealers, at crackdown sa digital platforms.Bukod dito nanatili paring pinagbabawal ang ilang mapanganib na firecrackers gaya ng kabase, atomic bomb, bin Laden, piccolo, at iba pa, pati na rin ang mga paputok na ipinangalan sa mga bagyo.



CHARISMATIC OUTREACH MINISTRIES FOUNDATION, INC.

By
**Bro. Ernie Acayan**

**Mateo 3:2**
**"Ganito ang Kanyang sinasabi, "Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit!"**

## TUNAY NA PAGSISISI

**Sapat na ba ang paghingi ng tawad sa Dios upang sabihing tunay ang ating pagsisisi?**

**Gawa 26:20**
**"Nangaral ako, una sa Damasco, saka sa Jerusalem at sa buong lupain ng Judea, at gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat silang magsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan, lumapit sa Diyos, at ipakita ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng mga gawa."**

**Ano ang mga dapat nating gawin upang ipahayag na tayo'y nagsisisi.**

**1) May buhay-panalangin. Ang tunay na may ugnayan sa Dios ay sa pamamagitan ng isang lumalagong buhay-panalangin. Kailangan ito upang lumago ang isang mananampalataya sa kanyang pananampalataya. Ito'y hindi isang suwestiyon kundi utos ng Dios.**

**1 Tesalonica 5:17**
**"...palagi kayong manalangin..."**

**Ito ay isang utos upang lumago tayo sa pagkakakilala kay Hesus at magkaroon ng malalim na relasyon sa Kanya.**

**Ang panalangin ay paraan upang tayo ay makatanggap sa Kanya at magawa natin ang Kanyang kalooban.**

**Juan 15:5**
**"Ako ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa Akin, at Ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa Akin."**

**2) May bagong uri ng pamumuhay. Ang tunay na pagsisisi ay ang pagtalikod sa lumang pamumuhay at paglandas ng isang bagong buhay na kasama si Kristo.**

**2 Cor.5:17**
**"Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago. "**

**3) Ang taong nagsisi ay may bago ng kaisipan.**

**Roma.12:2**
**"Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos."**

**Ang taong may bago ng kaisipan ay ang makatatanggap ng pangunawa sa mga pahayag ng Dios.**

**Efeso 4:23-24**
**"**
**Magbago na kayo ng diwa at pag-iisip; at ang dapat ninyong isuot ay ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, at nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay ayon sa katotohanan.**

**Gayun din naman, siya ay may kakayahang tumanggi sa alok ng laman, ng mundo at ng demonyo.**

**1 Juan 3:9**
**" Ang mga anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala, sapagkat nananatili sa kanila ang binhing mula sa Diyos. At dahil ang Diyos ang ama nila, hindi sila maaaring magpatuloy sa pagkakasala."**

**TO GOD BE THE GLORY.**

# Rosé describes 'APT.' collaborator Bruno Mars as her best friend and mentor

The K-Pop star opened up about how Bruno played a role while she was working on her first solo album, Rosie.

"He guides me in a lot of things. At the beginning, he really helped me inspire me not just even with 'ATP.' but with the album. I had a little questions and things that I couldn't figure out, and I remember he would just throw these small things and it would help. He was like a big cheerleader for me on the side at one point on a very crucial moment," she shared.

The singer further recalled: "It was a very important when I was wrapping everything up, so he was a really good sounding board, and he is really a good friend to chat to."

When it comes to collaborating with Bruno on "APT.", Rose remarked how Bruno has such a dynamic vision when it comes to making music.

"He had such a vision for everything and at first it was really hard to understand. He would be inspired by a lot of things that I've done in the past. And I would ask him so many questions, and he'd send me so many videos and be like, 'Rose this is it.' And as he was sharing, the shape of it would form, so it was just like a lot of communication," she stated.

Rosé recently made history at the Grammys after becoming the first K-Pop soloist to be nominated for the six general field categories.

The singer-songwriter received nominations for Song of the Year and Record of the Year for the track "APT." She also bagged a nomination for Best Pop Duo/Group Performance for the track she collaborated with Bruno.

"Never in a million years would I have thought that this would happen to be nominated for a Grammy. But I think most importantly, I feel like the song that is being celebrated and being nominated for the Grammy contains so much of my culture in it," the K-Pop star remarked, reflecting on her historic nominations.

Rosé added that the recognition reaffirmed her belief in the power of cultural representation and inclusivity. "It proves to me also that culture is loved. Different cultures are being accepted, regardless of ages, different backgrounds and cultures, everyone has been enjoying it so much and I've been watching that, and it's really just really blown my mind away. And so it means so much to myself, my younger self who grew up feeling like that would not be a possibility," she stated.

The K-Pop star also highlighted how meaningful the nominations are to her, particularly as someone who grew up with little representation in the music industry.

"That means a lot to me because growing up there wasn't many people like me. I was the minority and especially on television and in the music industry, and so I remember even then I wanted to do music obviously. Somewhere in me said, 'I want to do music,' but I didn't even know that was like a possibility," she said.

The 2026 Grammy Awards is set to happen on February 1, 2026



**Rosé described "APT." collaborator, Filipino-American singer Bruno Mars, not only as a mentor but also a dear friend. "[He's] the best friend I could ask for in so many ways. He's just been a really good mentor to me and really been a good friend," she shared in an interview with Billboard.**

# Christmas song ni Mariah Carey nasa ikalawang puwesto na

Natapos na ang pamamayagpag ng Christmas song ni Mariah Carey na "All I Want for Christmas Is You" sa Billboard charts.

Nahigitan na ito ng kantang "Last Christmas" ng bandang Wham.

Ito ang unang pagkakataon na nahigitan ang kanta ni Carey na nasa Billboard Christmas Number 1 sa US mula pa noong Setyembre 2020.

Namayagpag ang kanta ni Carey sa loob ng 19 linggo mula noong Disyembre 2020.

Ang kanta ni Carey ay inilabas noong 1994 habang ang kanta ng Wham naman ay inilabas noong 1984.

Nakamit rin ng kanta ng Wham ang pinakamataas na posisyon sa Billboard Hot 100 at Holiday 100 charts na sinundan ng kanta ni Carey.





**Rock band My Chemical Romance (MCR) has announced the rescheduling of its highly anticipated concert in the Philippines following the postponement of its Asia tour dates for The Black Parade 2026 tour. The announcement was shared through the band's official Instagram account, where they addressed fans across Southeast Asia and clarified that the affected shows would still push through.**

# My Chemical Romance reschedules PH concert after postponing Asia tour dates

The band was originally set to perform at the Philippine Arena on April 25, 2026. However, MCR revealed that the Asia leg of the tour will now take place in November 2026, stressing that the decision was a postponement rather than a cancellation.

In their post, te band explained that all Southeast Asia dates would be moved later in the year, reassuring fans that their tickets would remain valid for the rescheduled shows. They also acknowledged that some fans may no longer be able to attend and confirmed that refunds would be made available.

"We will be postponing our upcoming Southeast Asia dates until November 2026.

These shows are not canceled!

All purchased tickets will be honored for the new dates. However, if you cannot attend the rescheduled date, refunds will be available to you. Please see the info below for your specific market.

We very much look forward to coming to see you all in November.

All other shows for 2026 will continue as planned.

Thank you for your understanding and continued support.

The other 2026 dates, which will go around the Americas and Europe will go on as planned," part of their statement read.


Following the announcement, MCR confirmed that the new date for The Black Parade 2026 tour in the Philippines is set for November 14, 2026, still at the Philippine Arena.

The Black Parade 2026 tour draws its name from the band's third studio album, which includes some of their most well-known songs such as "Teenagers," "Dead!," "Cancer," "I Don't Love You", and the album's title track, many of which have been regularly performed on the tour.

Last June, they released the deluxe version of their 2004 album Three Cheers for Sweet Revenge.

It was in 2008 when MCR last visited the Philippines when they held a concert at the former Bonifacio Global City Open Field.

# Dahilan ng pagkamatay ng actor na si Rob Reiner at asawa nito inilabas na



Inilabas na ng mga eksperto ang dahilan ng pagkasawi ng actor na si Rob at asawang si Michele Reiner.

Ayon sa Los Angeles County Medical Examiner, nasawi ang mag-asawa mula sa"multiple sharp force injuries".

Nakita rin ng medical examiner na ang uri ng pagpatay ay isang "homicide".

Ang sarili nilang anak na si Nick Reiner ang siyang inakusahang nasa likod pagpatay.

Magugunitang natagpuang patay ang sikat na actor-directorat asawan nito sa loob ng kanilang bahay.

# Zsa Zsa Padilla nagpasya na ibalik ang Lifetime achievement awards ng 38th Aliw Awards

Nagpasya si Zsa Zsa Padilla na ibalik ang Lifetime Achievement Awards na iginawad sa kaniya sa 38th Aliw Awards.

Sinabi nito na matapos na makatanggap ito ng impormasyon na mabibigyan siya ng nasabing pagkilala ay naghanda na ito ng speech.

Dagdag pa nito na naging maiksi lamang ang inihanda at ito ay galing sa puso kung saan inaasahan niya na manonood ang mga kaanak niya.

Pagdating aniya ng awarding nights ay tinawag siya sa stage kasama ang ibang awardee na sina Lani Misalucha para sa live performance at Frankie Asinero para sa classical music.

Matapos matanggap ang award ay pansamantala silang nakatayo sa stage hanggang sumenyas ang isang production staff na bumaba na sila.

Noong tanungin siya ng isang vlogger ay doon niya sinabi na nakahanda na ang kaniyang acceptance speech subalit hindi siya pinayagan sa stage.

Matapos ang pangyayari ay nagpasya na ito na ibalik dahil pagkadismaya kung saan hindi aniya patas na ang iba ay nabigyan ng pagkakataon na magsalita matapos matanggap ang award subalit siya ay parang pinabayaan na lamang.

# Homecoming parade ni 2025 Miss Universe Fatima Bosch mainit na dinaluhan ng mga Mexicans

Dinaluhan ng mahigit kalahating milyon na mga Mexicans ang homecoming parade ni Miss Universe 2025 Fatima Bosch.

Ayon sa Miss Universe Organization, na naging mainit ang pagtanggap ng mga Mexicans sa bagong koronang Miss Universe.

Nagsagawa rin ng programa sa isang stadium na dinaluhan ng mahigit 20,000.

Pinasalamatan ni Bosch ang mga mamamayan na dumalo at sumuporta sa kaniya.

Halos hindi na ito umalis sa stage dahil sa nais niyang makasama ang mga fans sa kanilang pagdiriwang.

Magugunitang makailang ulit na umiwas si Bosch sa mga interviews at TV appearance dahil sa ayaw niyang pag-usapan ang anumang kontrobersiyang nangyari noong kasagsagan ng pageant.





# Pete Davidson masayang ibinahagi ang paglabas ng anak nila ni Elsie Hewitt

Masayang ibinahagi ng Hollywood actor na si Pete Davidson ang panganganak ng partner nito na si Elsie Hewitt.

Sa kaniyang social media account ay nagpost ito kasama nila ang bagong silang na anak na pinangalanang si Scottie Rose Hewitte Davidson.

Noong nakaraang Marso ng ibunyag ng actor ang pagbubuntis ng partner na modelo.

Bumuhos naman ang pagbati mula sa malalapit na kaibigan ng dalawa.




"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"
Taytay RTW Base
Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay
San Jose, Tarlac, Philippines
Contact No.# 09460277182
Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: December 29, 2025 - January 04, 2026


# 130 batang estudyante na kinidnap mula sa Catholic school sa Nigeria, pinalaya na




Pinalaya na ang natitirang 130 batang estudyante na kinidnap ng mga gunmen mula sa isang Catholic school sa Nigeria noong Nobiyembre.

Kinumpirma ito ni Presidential spokesman Sunday Dare kalakip ng paglalabas ng larawan ng mga bata bilang patunay na sila ay pinalaya na.

Una ng dinukot ang mga estudyante noong nakalipas na buwan nang lusubin ng mga armadong bandido ang St. Mary's Private Catholic School.

Kabuuang 303 bata ang kinidnap kung saan ang ilan ay nasa 10 taong gulang kasama ang nasa 12 guro.

Nagawang makatakas ng nasa 50 estudyante at nakabalik sa kanilang mga pamilya habang nasagip naman ng security forces ng Nigeria ang 100 kinidnap na mga biktima.

Ang nangyaring pagdukot noong Nobiyembre ay ang pinakabagong bugso ng pag-atake ng mga armadong grupo sa mga sibilyang mamamayan partikular na sa mga paaralan kung saan isinasagawa ang malawakang pagdukot para sa ransom.

Hindi naman na bago ang karahasan sa Nigeria na madalas na naitatala sa mga komunidad at tensiyon sa mga katutubo gayundin ang away sa pagitan ng mga magsasaka at nagpapastol dahil sa limitadong access sa lupa at mapagkukunan ng tubig.

# Russia binatikos ang pangingialam ng EU at Ukraine na baguhin ang ceasefire deal ng US



Binatikos ng Russia ang plano ng European Union at Ukraine sa isinusulong ng ceasefire plan ng US para matapos na ang giyera.

Ayon sa Russia na ang pagbabagong gagawin sa nasabing orihinal na plano ay hindi makakamit ang tunay na adhikain.Ang nasabing batikos ay matapos na makipagpulong ang EU kasama ang Ukraine sa kinatawan ng US para ihayag ang nais nilang pagbabago.Sa unang bahagi kasi ng ceasefire deal ay hindi pumabor ang Ukriane dahil sa mas pumapanig ito sa Russia.

Magugunitang isinusulong ng US ang ceasefire deal para tuluyang matapos na ang halos apat na taon na giyera sa pagitan ng Russia at Ukriane.



# 3 nasawi sa train station attack sa Taiwan

Patay ang tatlong katao matapos ang ginawang pananaksak ng isang lalaki sa central Taipei.Nasawi ang suspek matapos na tumalon sa gusali noong ito ay habuling ng mga kapulisan.

Base sa imbestigasyon ng mga otoridad, nag-iwan pa ng smoke bomb ang suspek sa main train station at lumipat sa malapit sa subway station sa busy shopping district.Doon ay walang habas na pinagsasaksak ng suspek ang mga nasa loob ng train.Lumabas sa imbestigasyon ng mga otoridad na mayroong criminal record at nakabinbin na warrants ang suspek. Patuloy ang ginagawang imbestigasyon ng mga otoridad sa nasabing insidente.





#308 Barangka Drive in front of Bonifacio
Javier National High School, Mandaluyong City
Contact : Juliana Diesta # 09052264801
krusty.ebox@gmail.com
Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: December 29, 2025 - January 04, 2026


# MONDAY ENTERTAINMENT

## WORD HUNT

AMERICAN DAD!



| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| D | I | A | S | F | U | E | D | H | O | B | N |
| E | D | C | A | E | K | N | L | D | F | K | A |
| G | R | E | O | D | C | O | E | R | S | E | H |
| L | N | A | R | E | A | S | I | U | E | R | O |
| O | I | F | A | R | L | A | F | G | Y | E | K |
| R | C | P | N | A | B | M | H | S | E | P | I |
| I | K | O | G | L | T | H | C | M | Y | I | J |
| A | Y | U | E | P | A | E | T | U | Z | P | N |
| A | G | S | I | R | Y | A | I | G | A | L | E |
| L | L | S | S | I | S | L | L | G | R | A | J |
| O | H | E | C | S | T | Y | J | L | C | R | A |
| R | L | Y | X | I | E | L | O | I | R | R | B |
| N | E | Y | D | O | E | I | N | N | R | Y | G |
| A | M | R | O | N | O | O | B | G | I | B | A |

AMERICAN DAD!
STAN
FRANCINE
STEVE
HAYLEY
KLAUS
ROGER
ALIEN
GOVERNMENT
ATTIC
LANGLEY FALLS
CIA
SMITH
HEISSLER
JEFF





FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel
Contact No. 09665262989
Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: December 29, 2025 - January 04, 2026

# Payton Pritchard, nanguna sa panalo ng Celtics kontra Raptors, 112-96

Pinangunahan ni Payton Pritchard ang Boston Celtics sa kanilang 112-96 na panalo laban sa Toronto Raptors noong Sabado ng gabi, matapos magtala ng 33 points, kabilang ang 19 sa third quarter.

Bukod sa kanyang scoring, nag-ambag din si Pritchard ng 10 assists at walong rebounds, na tumulong sa Celtics na makuha ang kanilang ikalawang sunod na panalo sa back-to-back games, at ang ikapitong panalo sa kanilang huling siyam na laro.

Samantala, nagbigay ng solidong kontribusyon sina Derrick White at Anfernee Simons, na nag-ambag ng tig-15 points, habang nagpakita ng balanseng opensa ang Celtics mula sa kanilang bench.

Para naman sa Raptors, nanguna naman sina Brandon Ingram at Sandro Mamukelashvili, na nagtala ng tig-24 points bawat isa, ngunit hindi nakatulong ang kanilang mga pagtatangka upang makabawi. Ang Toronto ay nagtamo ng pagkatalo sa limang laro mula sa kanilang huling pitong laban.

Hindi naman nakalaro sa laban sina Jaylen Brown ng Boston dahil sa karamdaman at Jakob Poeltl ng Toronto dahil sa injury.




**Pinangunahan ni Payton Pritchard ang Boston Celtics sa kanilang 112-96 na panalo laban sa Toronto Raptors noong Sabado ng gabi, matapos magtala ng 33 points, kabilang ang 19 sa third quarter.**

PVN SPORTS

NO. VIII | ISSUE NO. 22 | DEC. 29, 2025 - JAN. 04, 2026 | ₱15.00




## Clippers, tinalo ang Lakers para sa kanilang 8 game home losing streak

Pinangunahan ni Kawhi Leonard ang Los Angeles Clippers sa kanilang 103-88 panalo laban sa Los Angeles Lakers, matapos makapuntos ng 32 points at 12 rebounds.

Nag-ambag naman si James Harden ng 21 points at 10 assists.

Habang ang Lakers ay kulang sa ilang manlalaro kabilang sina Deandre Ayton, Rui Hachimura, at Austin Reaves, habang hindi na natapos ni Luka Doncic ang laro sa halftime dahil sa natamong injury.

Sa kabila nito, nakapuntos naman si LeBron James ng season-high na 36 points.

Nagdagdag rin sina John Collins at Brook Lopez sa rebound at opensa, habang pinanatili ng koponan ang kalamangan mula sa simula hanggang katapusan ng laro.

Pinanatili ng Clippers ang kanilang double-digit lead sa third quarter at pinutol ang five-game overall losing streak matapos ang late run ng Lakers sa fourth quarter.

## Laban ng mga kulelat na team na Kings at Blazers, nauwi sa OT

Nauwi sa overtime ang laban sa pagitan ng Sacramento Kings at Portland Trailblazers, dalawa sa mga kulelat na team sa western conference.

Bagaman hawak ng Kings ang single-digit lead sa pagtatapos ng 3rd quarter, naitabla ito ng Blazers sa 105 sa pagtatapos ng regulation.

Pagpasok ng 5-min overtime, walang sinayang na sandali ang Portland at agad nagpasok ng 15 points sa loob lamang ng apat na minuto.

Pinilit ng Kings na habulin ang deficit sa huling isang minuto ng OT at nagawang makalapit 23 seconds bago matapos ang laban, 129-132.

Labingpitong (17) segundo bago matapos ang laban, dinala ng Kings ang score sa 131-132, at pinilit na burahin ang isang puntos na deficit. Nagtagumpay naman ang koponan sa tulong ng isang midrange ni De Rozan sa huling segundo ng laban.

Tinapos ng Kings ang laban, 133-132, hawak ang isang puntos na kalamangan.

Nagpasok ng 33 points ang si Blazers shooter Deni Avdija sa loob ng 42 mins na kaniyang paglalaro. Gumawa naman ng 26 points ang bagitong bench na si Shaedon Sharpe

Sa winning team na Kings, gumawa ng 31 points si Demar DeRozan na nagbuhos ng siyam na field goal at perfect-10 na free throws.




## Ginebra binura ang 16-points na kalamangan ng Titan para tuluyang makapasok sa quarterfinals 108-105

Naging sulit ang ginawang paghabol ng Barangay Ginebra para tuluyang talunin ang Titan 108-105 sa nagpapatuloy na PBA Philippine Cup na ginanap sa Smart Araneta.

Ito na ang pang-limang sunod na panalo ng Gin Kings kung saan mayroon silang pitong panalo at apat na talo.

Dahil dito ay pasok na sila sa quarterfinals kung saan makakaharap nila ang Converge.

Bumida sa panalo ng Kings si Stephen Holt na nagtala ng 27 points habang mayroong 24 points si RJ Abarrientos.


Umabot pa sa 16 ang kalamangan ng Titan subalit hindi bumitaw ang Ginebra at kanilang hinabol ito at tuluyang nakuha ang panalo.

Hindi naman umubra ang ginawang 31 points mula kay Joshua Munzon at 28 points at 11 rebounds ni Calvin Abueva para sa Titan.




## TNT pinahiya ang paglalaro ni Tenorio bilang playing coach ng Magnolia 94-83

Pinahiya ng TNT Tropang Giga ang Magnolia HotShots 94-83 sa nagpapatuloy na PBA Philippine Cup. Dahil sa panalo ay abanse na ang TNT sa twice to beat advantage sa quarterfinals. Hindi rin pinaporma ng Tropang 5G ang unang paglalaro ni LA Tenorio bilang playing coach.Nanguna sa panalo ng TNT si Jordan Heading na nagtala ng 23 points habang mayroong 17 points at siyam na rebounds si Calvin Oftana. Sinabi ni TNT coach Chot Reyes nasa mindset na nila na kailangan nila ng dalawang panalo.Nasayang naman ang ginawang 17 points ni Zev Lucero at 16 points ni Ian Sanggalang para sa Magnolia.



## 19-year-old Pinay triathlete, nagbulsa ng 2 gold, 3 silver sa SEA Games 2025

Nagbulsa ng dalawang gintong medalya at tatlong silver medal ang 19-anyos na Pinay triathlete na si Kira Ellis sa Southeast Asian (SEA) Games 2025.

Sa pagtatapos ng naturang torneyo, hawak ni Ellis ang limang medalya dahil sa impresibong performance sa limang magkakahiwalay na event na kaniyang sinalihan.

Nakuha ni Ellis ang dalawang gintong medalya sa team events na women relay at mixed team relay.

Huling naibulsa niya ang isang silver medal sa kaniyang sinalihang women's individual event, isang araw matapos siyang makaranas ng food poisoning habang nasa SEAG.

Una nang nagbulsa ng gintong medalya si Ellis noong 2023 Cambodia Games sa aquathlon event.

Una na rin siyang sumabak sa European Triathlon Junior Cup ngayong taon at naipanalo ang naturang laban, hawak ang record na 1 hour, 5 minutes, at 7 seconds.

Umaasa ang Pinay triathlete na magiging bahagi rin siya ng Team Philippines na sasabak sa Los Angeles Olympics sa 2028.

## Alex Eala, gumawa ng kasaysayan sa 2025 SEAG kasunod ng kaniyang golden performance

Muling gumawa ng kasaysayan si Pinay tennis star Alex Eala sa nagpapatuloy na 2025 Southeast Asian Games matapos nitong ibulsa ang gintong medalya sa women's singles event.

Gumawa ng isang masterclass performance ang Pinay athlete laban kay Mananchaya Sawangkaew, ang pambato ng host country na Thailand.

Sa simula pa lamang, dominado na ni Eala ang unang set at ipinoste ang 6-1 sa pagtatapos ng unang bahagi ng laban. Sinundan niya ito ng 6-2 win sa ikalawang set, daan upang tuluyang selyuhan ang laban.

Ito ang unang gintong medalya ng Pinay star at ang unang gintong medalya rin ng Pilipinas sa SEAG women's singles tennis category, mula noong 1999.

Sa kasaysayan ng Pilipinas, si Eala ang ikatlong Pinay na nagbulsa ng gintong medalya sa naturang event.

Una itong nakuha ni Pia Tamayo noong 1981 SEAG na ginanap sa Manila at sinundan ni Maricris Fernandez nong 1999 games na ginanap sa Brunei.

Hawak ni Eala ang ika-52 pwesto sa Women's Tennis Association

